

# TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT

## ANG PROSESO NG EIA PARA SA MINE PROJECT



Nakapaloob sa pinaplanong Tampakan Copper-Gold Project ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) ang isa sa pinakamalaking hindi pa namiminang deposito ng tanso at ginto sa buong mundo. Ang SMI ay kontratista ng Pamahalaan ng Pilipinas sa bisa ng isang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA).

Bilang isang Pilipinong kumpanya na may paninindigang naaayon sa pinakamataas na mga pamantayan ng sustainable development, natapos na ng SMI ang mga pag-aaral bilang bahagi ng Environmental Impact Assessment (EIA) na isinagawa ng mga local specialists at international experts.

Ang mine Environmental Impact Statement (EIS) ay inihanda alinsunod sa batas ng Pilipinas, at inihahayag nito ang resulta ng mga pag-aaral na bahagi ng EIA. Ang EIS ay kinakailangan sa aplikasyon ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa Tampakan Mine Project. Maliban sa EIS, isinagawa rin ng SMI ang Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) sa tulong ng mga international experts upang maipakita na ang mga pag-aaral tungkol sa mga potensyal na environmental at sosyal na epekto ng minahan ay isinagawa alinsunod sa international standards.

Masusi naming inimbestigahan ang mga pamamaraan upang mapagaan ang mga potensyal na epekto ng Tampakan Project. Ginamit namin ang mga impormasyong ito sa pagbuo ng disenyo at planong naaayon sa pamantayan ng aming major shareholder, ang Xstrata, isang global mining group na kilala bilang sector leader sa larangan ng corporate responsibility.


### ANG EIA PROCESS PARA SA MINE PROJECT

Lubos naming pinahalagahan ang aming mga responsibilidad sa kalikasan. Bilang bahagi ng aming pangako sa responsableng pagmimina, aming isinasaalang-alang, sa lahat ng yugto ng Tampakan Mine Project, ang mga potensyal na epekto ng aming mga gawain at kung paano maiwasan o mapapagaan ang mga ito.

Bilang bahagi ng mga pag-aaral bilang bahagi ng EIA, inimbestigahan namin ang mga potensyal na epekto ng aming gawain sa kalikasan at lokal na komunidad.

Ang EIS at ESIA ay parehong tumutukoy ng mga pamamaraan upang maiwasan o mapagaan ang mga potensyal na epektong ito. Ang mga pamamaraang ito ay nakapaloob sa disenyo ng Tampakan Project at magiging bahagi ng aming Environmental Management Plan (EMP). Ang EMP ay gagamitin upang matiyak na masusunod ang mga international standards sa environmental management sa panahon ng konstruksyon at pagmimina.

#### BALANGKAS NG PAG-UULAT NG MINE EIA



Ang EIA ay isinagawa ng mga EIS consultants sa pangunguna ng Hansen Bailey (Australia) at ng AECOM (Philippines). Ang mga teknikal na pag-aaral bilang bahagi ng EIA ay isinagawa ng grupo ng mga Filipino specialists at international experts. Ang EIS ay inihanda ng AECOM. Ang ESIA report naman ay inihanda ng Hansen Bailey.



## PAGLALARAWAN NG MGA PAG-AARAL

Ang mga pag-aaral na isinagawa ng international experts, kasama ang AECOM Philippines, bilang bahagi ng prosesong EIA ay ang mga sumusunod:

Paksa ng Pag-aaral	Paglalarawan ng Pag-aaral
Water resources	Pag-aaral sa mga potensyal na epekto ng mga pinaplanong gawain sa mine site sa mga anyong tubig at paligid nito.
Visual amenity	Pagtatasa sa inaasahang pagbabago sa tanawing biswal sa iba't-ibang yugto ng pinaplanong operasyon.
Air quality and greenhouse gases	Pagtatasa ng mga potensyal na isyu tungkol sa kalidad ng hangin at pagbuga ng greenhouse gases.
Noise and vibration	Pagtatasa sa potensyal na pagyanig ng lupa at airblast impact dala ng blasting at iba pang mga gawain sa minahan.
Lupa at rehabilitasyon	Pag-aaral upang matukoy ang mga uri ng lupa at pagiging angkop nito sa mga gawain sa loob ng minahan, pati na rin ang mga estratehiya para sa rehabilitasyon.
Terrestrial ecology	Komprehensibong pag-aaral sa land-based ecology sa loob ng mine site at sa paligid nito upang alamin ang mga potensyal na epekto ng mga gawain sa minahan.
Pangangasiwa sa mine waste	Pagbuo ng mga estratehiya sa pangangasiwa sa mine waste, kabilang ang mga disenyo at plano sa pag-operate ng mga mine waste storage facilities.
Aquatic ecology	Komprehensibong pag-aaral sa water-based ecology sa loob ng mine site at paligid nito upang alamin ang mga potensyal na epekto ng mga gawain sa minahan.
Benepisyong pang-ekonomiya	Pag-aaral sa mga potensyal na benepisyo ng Tampakan Project sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.
Epekto sa lipunan	Pag-aaral sa mga potensyal na panlipunang epekto ng Tampakan Project sa lokal na komunidad.

Isinagawa ng AECOM Philippines at SMI ang konsultasyon sa mga kinauukulan para sa mga pag-aaral na ito.

## MGA BENEPISYO NG TAMPAKAN PROJECT

Sa pakikipagtulungan sa aming stakeholders, ang Tampakan Project ay maaring makapagdulot ng mas magandang kinabukasan para sa southern Mindanao. Kung matutuloy, ang Tampakan Project ay makapaglikha ng mga benepisyong makapagpapasigla sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.

Kabilang sa mga benepisyo na maaring mapunta sa rehiyon ang mga sumusunod:

- Taunang kontribusyon na PhP134 bilyon<sup>1</sup> (average) sa gross domestic product (GDP) ng Pilipinas magmula sa konstruksyon hanggang matapos ang pagmimina - katumbas ng karagdagang 1% sa taunang GDP ng bansa
- Kabuuang kita ng pamahalaan (nasyunal at lokal) mula sa buwis at bayarin na humigit-kumulang PhP307 bilyon<sup>2</sup> (nominal) sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Royalty at direktang kontribusyon na mahigit sa PhP39.8 bilyon<sup>3</sup> (nominal) para sa mga lokal na katutubong grupo at lokal na komunidad sa kabuuang operasyon ng pagmimina



External Relations Unit  
Sagittarius Mines, Inc. (SMI)  
02 8563021 (Makati)  
083 5548414 (General Santos)  
Email: externalrelations@smi.com.ph | www.smi.com.ph

- Direktang trabaho para sa humigit-kumulang 10,000 manggagawa sa konstruksyon at 2,000 manggagawa sa panahon ng operasyon
- Pagkuha ng serbisyo ng mga lokal na kontratista at kumpanya na syang magbibigay ng karagdagang oportunidad para sa trabaho.

## MGA KADALASANG KATANUNGAN

### Aling Filipino experts ang kasama sa Environmental Impact Assessment (EIA)?

Ang AECOM Philippines, isang specialist consultancy, ang naghanda ng Mine EIS na isusumite sa gobyerno ng Pilipinas.


### Ano ang pakakaiba ng EIS sa ESIA?

Ang EIS ay ang pangunahing inihandang dokumentong isusumite sa pamahalaan upang pagbasehan ng desisyon para sa ECC. Ang ESIA naman ay isinagawa upang tugunan ang mga international standards. Ang dalawang dokumento ay base sa parehong mga pag-aaral na isinagawa bilang bahagi ng EIA.

### Maaari bang malaman ng publiko ang mga impormasyong nakalap mula sa prosesong EIA?

Ang resulta ng mga pag-aaral ay ipapaalam sa publiko sa taong 2011 bilang bahagi ng pagkuha ng pahintulot mula sa gobyerno.

## KINALALAGYAN NG TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT



## MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Bago masimulan ang konstruksyon, kailangan ng SMI ang pahintulot mula sa pamahalaan, lokal na komunidad at shareholders nito.

Upang maisakatuparan ang Tampakan Project, kailangan naming patuloy na makipagtulungan sa aming stakeholders. Ipagpapatuloy namin ang bukas na pakikipag-usap at konsultasyon, lalo na sa mga mayroong pag-aalala at katanungan tungkol sa aming pinaplanong pagmimina.

Ang mga komento ay isasaalang-alang sa paggawa ng plano upang matiyak na ang Tampakan Project ay maaring maging modelo ng responsableng operasyon ng malakihan at modernong pagmimina sa Pilipinas, kasama ang pagpapatupad ng international standards sa resettlement, konsultasyon sa mga katutubo at EIA.

<sup>1</sup>USD2.8 bilyon. <sup>2</sup>USD6.4 bilyon. <sup>3</sup>USD830 milyon. (Base sa exchange rate na USD1 = PhP48). Disclaimer: Ang laman nitong dokumento ay wasto base sa pagkaka-alam ng SMI, sa oras ng paglimbag nito (May 2011).